Ang Kartero

Si Mang Berto ay isang kartero. Paghahatid ng liham ang kaniyang trabaho. Tuwang-tuwa ang mga taong nakatatanggap ng liham na inihahatid ni Mang Berto.

Pagod man ay masaya siya sa kaniyang trabaho.

FT FUN TEACHER FILES

Loro ni Rene

Si Rene ay may alaga. Ito ay isang loro. Ang loro ay ibon. Makulay ang balahibo nito. Iniingatan at pinakakain ni Rene ang kaniyang loro. Makulit ngunit mabait ang loro niya.

FT FUN TEACHER FILES

Malinis na Bata

Si Rita ay malinis. Siya ay araw-araw naliligo at nagsesepilyo. Malinis at mabango rin ang suot niyang damit. Ang kaniyang gamit ay palaging iniingatan upang hindi madumihan. Si Rita ay isang batang malinis.

FT FUN TEACHER FILES

Araw ng Linggo

Araw ng Linggo, bihis na bihis sina nanay, tatay at ako. Kami ay pupunta sa simbahan. Kami ay mananalangin at magpapasalamat sa Diyos. Pagkatapos ng misa ay mamamasyal kami. Masaya ako tuwing araw ng Linggo.

FT FUN TEACHER FILES

Rosas ni Sita

Si Sita ay nasa halamanan. Namimitas siya ng mga pulang rosas. Ilalagay niya ito sa plorera. Magaganda ang mga rosas ni Sita. Ilalagay niya ang plorera na may mga rosas sa mesa.

FT FUN TEACHER FILES